

1

“Hi, Mom, Dad!” bati ni Cedrick sa mga magulang nang makarating sa dining hall kung saan tahimik na naghahapunan ang dalawa. Simula pa pagkabata, siya lang ang nagdadala ng ingay sa malaki nilang bahay. Humalik siya sa pisngi ng ina, malambing na yumakap sa amang nakaupo sa kabisera, at saka pumirmi sa sariling puwesto sa mesa.

“Pahingi akong plato,” nakangiting baling ng binata sa pinakamalapit na katulong bago pinasadahan ng tingin ang tatlong putahe ng ulam sa mesa. “Uy, buffalo wings, favorite ko!” masayang sabi niya saka kumuha ng isang pakpak mula sa serving plate. Hindi niya alintana ang mabigat na hangin kanina pang nakapaligid sa kanyang mga magulang.

Eh, ano bang bago? Matagal na niyang napapansin ang distansya sa pagitan ng dalawa. Magkasama lamang ang mga ito sa iisang kuwarto, pero duda siya kung may nangyayari pa sa tuwing magtatabi ang mga ito. Hindi niya maramdamang nagmamahalan ang mga magulang niya.

Kaya nga ba ayaw niya sa ideya ng pre-arranged marriage! Maloko lang siya sa ngayon dahil bata pa

siya. Wala pa sa isip niya ang pumasok sa seryosong relasyon, pero naniniwala pa rin siya sa konsepto ng wagas na pag-ibig. At kapag nagmahal na siya nang totoo, gusto niyang ang masuwerteng babaeng bibihag sa kanyang puso ang siyang ihaharap niya sa altar. Tanggapin man ito o hindi ng mga magulang niya, ito pa rin ang pakakasalan niya.

Sa ngalan ng pag-ibig!

Napangiti si Cedrick sa naisip. Hindi yata bagay sa kanya ang maging romantic lalo na at hindi pa umabot ng dalawang linggo ang pinakamahaba niyang relasyon. Hindi rin naman kasi siya nanliligaw. Talaga nga yatang madaling pakawalan ang bagay na hindi pinaghirapan.

Ubos na ang pinapapak niya nang makabalik ang katulong dala ang plato at pares ng kubyertos para sa kanya. Ibinaba niya sa gilid ng plato ang mga buto saka umabot ulit ng ulam gamit lang din ang kanyang kamay. Doon na siya sinaway ni Amanda.

“Use the serving fork, Zed,” istriktong sabi nito matapos hampasin ang kamay niya. “Naghugas ka man lang ba ng kamay?”

“Mommy naman, eh,” atungal niya habang hinahaplos ang nasaktang kamay. Bumaling siya sa

ama para magsumbong, “Daddy, o! Binu-bully na naman ako ni Mommy.”

“Sundin mo na lang ang mommy mo,” sabi nito.

Nagtaka siya at hindi yata siya nito kinampihan ngayon. His father sounded rather stiff, making him feel uneasy. He was used to his prim and proper mother whom he dubbed as a robot programmed to display a grim line across her face 24/7.

“May problema ba, Dad?” He finally noticed that the atmosphere between his parents was heavier than usual, and there was no way he could brush it off with a simple wisecrack.

Sandali nitong itinigil ang paghihiwa sa grilled salmon sa sariling plato. “Eat. I need to tell you something after dinner.” Pagkatapos ay tinapunan nito ng tingin ang asawa, na tila ba sinasabing kailangan din nitong marinig ang sasabihin.

He forced a chuckle to suppress the tension he was feeling. “Bakit pagkatapos pa ng hapunan? Is it that much of a bad news we’d lose our appetite once we hear it?”

“Cedrick!” sita ulit ni Amanda. Hindi na palayaw ang gamit nitong pantawag sa kanya kaya napilitan siyang manahimik. Kapag hindi pa siya tumigil ay

baka makita niya nang umusok ang ilong nito.

Pagkatapos ng hapunan ay sinabihan ng daddy niya ang mga katulong na bumalik na lamang doon pagkatapos ng kalahating oras. Nang silang tatlo na lang ang nasa dining room ay humarap ito sa asawa, pagkatapos ay sa kanya saka yumuko sa ginamit na plato. Nakatukod ang mga siko nito sa dulo ng long table, magkadaop ang mga palad at magkakahabi ang mga daliri.

He sighed for starters and said, “I met an old friend when I was in Bulacan last week.”

“And...?” Amanda sounded impatient. Nakatuon ang mga mata nito sa hawak na baso sa halip na sa asawa. Katatapos lang nitong uminom ng tubig. Ibababa na sana nito ang baso kung hindi lang ito natigilan sa sunod na narinig.

“She was someone I once slept with.”

Kitang-kita ni Zed ang pagkuyom ng kamao ng ina. She turned pale, her usual emotionless expression replaced with an angry one. He could see her gritting her teeth, all the while keeping her now watery eyes from letting a tear fall. May emosyon din pala ang kanyang ina. At may pagpapahalaga pa pala ito sa relasyon sa asawa.

Bumalik ang tingin niya sa ama. Nanatili itong nakayuko, hindi pa rin mahanap ang mukhang ihaharap sa kabiyak. “I’m sorry.”

“Alin sa dalawa, gusto mo akong hiwalayan dahil mahal mo pa ang babaeng nakatabi mo, o hindi mo na siya mahal pero nagbunga ang pagtataksil n’yo at nagkaanak kayo?” hula ni Amanda sa dahilan ng paghingi ng tawad ng daddy niya.

His father turned to him with a forced smile. “Matagal mo nang gustong magkar’on ng kapatid, di ba?”

“Dad?” Totoo ang tinuran nito, at kung tama ang basa niya sa tanong nito—bilang sagot sa mga pagpipiliang inilatag ng kanyang ina—ibig sabihin ay may anak nga ito sa iba. May kapatid siya. Pero hindi niya makuhang magdiwang.

“Bastard!” Amanda stood, forcefully throwing the water goblet she was holding down the table. It hit the edge of the hard wood and instantly broke into pieces, but Zed saw the shattered glass as his mother’s heart. Before she could pivot on her heels and leave, he swore he saw a tear fall from her eyes.

Lumingon siya sa ama at hinintay ang sasabihin nito, pero ibinaon lang nito ang mukha sa mga palad.

“I’m sorry,” was all his old man could say.

Maging siya ay hindi makapagsalita. Bukod sa nanuyo ang lalamunan niya ay wala siyang maisip na sabihin. Sa tingin niya ay mas mainam kung tatahimik na lang din siya.

Alam niyang hindi pagmamahal ang dahilan ng pagpapakasal ng mga magulang, pero para sa kanya, hindi iyon sapat na dahilan para pagtaksilan ng daddy niya ang mommy niya. Lalo pang sumidhi ang paniniwala niyang iyon nang makita ang reaksyon ng kanyang ina.

Still in a state of shock, he absentmindedly stood up and started to leave as well.

“Cedrick din ang pangalan niya,” ang mga salitang pumigil sa kanya sa paghakbang. Dinig niya sa boses ng ama ang paghingi nito ng pang-unawa.

“Cedrick James,” he continued. “Iyon ang ipinangalan sa kanya ng mama niya. You see, Rosanna was my woman before I got engaged to your mother. Siya ang totoong mahal ko. Pero dahil si Amanda ang gusto ng lolo’t lola mo para sa ’kin, siya ang pinakasalan ko. The night before the wedding, before we finally let each other go, for the last time, we spent the night together. Nagparaya na siya pagkatapos.

Lumayo na siya kaya hindi ko nalamang nagkaanak pala kami. She thought she couldn't give him my last name, so she gave him my name instead.

“James is your exact opposite. He is more independent. Tahimik lang siya at hindi makuwento. Parang mas gusto niyang makinig lang at obserbahan ang mga tao sa paligid niya. But despite your differences, I'm confident na magkakasundo kayo.” He sensed a hint of joy and pride in his father's voice. He sounded happy and excited talking about his other son.

“So, when will I be able to meet him?” Hindi niya na napigilan ang sariling magtanong. Nakikisimpatya man si Zed sa hinagpis ng ina ay interesado rin siya sa kapatid.

Nagliwanag ang mukha nito nang marinig ang tanong niya. “Puwede ka ba bukas? Pupunta ako doon para sunduin siya. Kailangan ko pa nga lang kausapin ang mommy mo, pero pumayag na si James na dito na tumira. Gusto mong sumama pagpunta ko sa kanila bukas?”

Ngumiti siya. “Sure.”

Puso ang nagmamahal, hindi ang mga mata.

With that logic, Zed never believed in love at first sight. Pero sadya nga yatang makapangyarihan ang pag-ibig at magagawa nitong ipakain sa kanya ang lahat ng prinsipyo at paniniwala niya.

The moment he laid eyes on her—on that beautiful stranger—his heart started fluttering.

“Dad, si Rowen po. Kaibigan ko,” pakilala ni James sa diwang kasama.

Rowen. He thought her name was as one-of-a-kind as her beauty. Simple, pero malakas ang dating. Hindi rin nakakasawa. Her right brow hid under her side bangs. She owned a pair of dark brown eyes which seemed to be ordinary, except that they sparkled whenever she smiled. And her smiles! They were downright deadly.

“Good evening po.” Kasing-ganda nito ang mahinhing tinig.

Angel. *She’s an angel!* he exclaimed inwardly.

Nginitian ito ng ama saka bumaling kay James para siya naman ang ipakilala. “And this is Zed, your brother.”

Napilitan siyang alisin ang mga mata mula kay Rowen at ilipat iyon kay James.

Nauwi sa yakap ang pakikipagkamay niya rito. “Sabi ni Dad mas matanda ka daw sa ’kin. Okay lang kung tawagin kitang kuya?” Zed asked after their short bro hug.

Ngumiti ito. “Oo ba. Matagal ko nang gustong magkaroon ng nakababatang kapatid.”

“Pareho tayo!” pag-amin niya. “Sayang, nauna kang ipanganak sa ’kin.” Nagkatawanan sila. Nang sa tingin niya ay nakuha niya na ang loob ng kapatid ay deretsahan na siyang nagtanong. “Girlfriend mo?” tukoy niya kay Rowen.

“Hindi, ah!” tahasang tanggi nito saka kaswal na inakbayan ang dalaga. “Kababata ko siya. Siya ang best friend ko.”

“Ah,” tumatangong sambit niya. Tiwala siya sa sinabi ni James, na walang espesyal na namamagitan sa mga ito. Pero iba ang basa niya sa ekspresyon ni Rowen.

Napansin niya ang pamumula nito nang magtanong siya, at ang dismayang gumuhit sa maganda nitong mukha nang sabihin ni James na matalik na magkaibigan lang sila.

He didn’t notice, but the sight made him ball his fists.

“May boyfriend ba si Rowen?” Binasag ng tanong na iyon ang katahimikang kanina pang namamagitan sa kanila ni James. Sila lang dalawa ang sakay ng kotse. Siya ang nagmamaneho habang kampante itong nakaupo sa passenger seat.

Ni-request ni Cedrick sa ama na sa kotse niya na lang sumabay si James para makapag-bonding sila habang pauwi sa bahay nila sa Pasay. Dahil magkaiba ng pinanggalingan, magkaibang sasakyan din ang gamit nila nang pumuntang Mandaluyong para sunduin ang kuya niya. Pumayag naman si James at ang ama nila sa suggestion niya kaya sila ngayon ang magkasama sa kotse.

“Wala,” sabi nito. “Bakit, interesado ka?”

Follow up question ang isinagot niya. “Pero nagka-boyfriend na siya dati?”

“Hindi pa. Alam ko maraming nanliligaw sa kanya pero lahat basted. Pangarap niya yatang maging matandang dalaga, eh,” kuwento nito. Halata sa tono nito ang pagbibiro ngunit hindi niya makuhang tumawa.

Alam niya ang dahilan kung bakit single pa rin si Rowen hanggang ngayon: si James mismo.

Napatunayan niya iyon nang sumunod na mga oras na naroon siya sa tinutuluyang bahay ng kapatid. Doon sila naghapunan, pati na rin si Rowen. At base sa obserbasyon niya, may espesyal na pagtatangi ang dalaga sa kuya niya. Iba ang pakikitungo nito kay James. Hindi nawawala ang ngiti nito kapag ang kapatid niya ang kausap. Naroon lagi ang kislap sa mga mata ni Rowen sa tuwing pinakikinggan nitong magsalita ang kuya niya.

“Ikaw ba hindi mo siya sinubukang ligawan?” tanong niya pa.

Nahuli niya ang pagngiti ni James nang sumulyap siya rito. “Hindi, ’no! Para ko nang kapatid ’yong si Rowen. Incest na kapag naging kami.”

“Ikaw lang yata ang nag-iisip niyan, eh. Feeling ko may gusto siya sa ’yo,” sabi niya. He cursed inwardly. Dinig niya ang selos sa sariling boses.

Tumawa lang ito. “Sira! Sinabi nang magkapatid lang ang turingan namin, eh. Walang gusto sa ’kin ’yon.”

Natawa na rin si Zed. Totoo palang may mga taong sagad ang kamanhidan. Gagamitin na niyang advantage ang pagiging dense ng kuya niya.

“Sandali nga.” Nakangising nilingon siya nito.

“May gusto ka ba kay Weng?”

Tumango siya. “Na-love at first sight yata ako.”

“Huwag na huwag mo ’yang sasabihin kay Rowen, masasapak ka n’on,” natatawang pahayag nito. “Hindi kasi siya naniniwala sa love at first sight.”

“Ako rin naman, eh,” pag-amin niya. “Lust at first sight, puwede pa! Lalo na kapag sobrang sexy talaga ng babae. Pero hindi ’yon ang naramdaman ko nang makita ko siya. Iba, eh. Ibang-iba.” Hindi niya pansin, pero nangingislap na ang mga mata niya habang ini-imagine ang mukha ng dalaga. “Na-lovestruck ako. Simple lang ang ganda niya, pero naakit talaga akong tingnan siya. Para akong nagayuma. May lahi bang mangkukulam ’yong kaibigan mo? Sa dami ng babaeng nakilala ko, ngayon lang ako tinamaan nang gan’to.”

“Playboy ka yata, eh. Baka siya na ang karma mo!” nangingiting biro nito.

Tinamaan siya. Mapakla siyang ngumiti. “Siguro nga. You think there’s a chance na magustuhan niya ’ko? Kung tulungan mo kaya ako? Magkaibigan kayo, di ba? Ibig sabihin alam mo ang mga gusto’t ayaw niya.” He needed all the help he could get.

“Siguro nga. Pero tutulungan lang kita kung

The Biggest Twist - Amber Francisco

maipapangako mong hindi mo siya lolokohin. Sinabi ko na sa 'yo, para ko nang kapatid si Rowen. Hindi kita hahayaang saktan siya or else, ikaw ang masasaktan sa 'kin.”

Sumigla ang ngiti niya. “Huwag kang mag-alala, bro. Siya ang una't huling babaeng seseryosohin ko.”

Hindi lang kay James ang pangakong iyon. Pararin iyon sa kanyang sarili. At kay Rowen...

2

Frustrated na bumuntong-hininga si Rowen. Kanina pa siyang nakaharap sa aparador, pero wala siyang mapiling damit. Dapat yata ay hindi niya na tinanggap ang imbitasyon ni James na maging date nito sa party.

Kilalang businessman si Cedrick Engracia, Sr., ama ni James. Tiyak na engrande ang kaarawan nitong gaganapin sa *Resorts World*. Magmumukha lang siyang katawa-tawa sa mga unbranded niyang bestida.

Wala rin siyang magandang pares ng high heels. For the record, wala siyang high heels. Mas gusto niya ang flat shoes o sneakers dahil doon siya komportable.

Hindi na rin siya sanay mag-makeup. Inihinto niya ang paglalagay ng kolorete sa mukha mula nang matanggap niya ang katotohanang kapatid lang ang tingin sa kanya ni James. Na kahit anong pagpapaganda ang gawin niya, hinding-hindi niya ito magagawang akitin.

Nawala siya sa iniisip nang bumukas ang pinto ng kuwarto. Iniluwa niyon ang nakababata niyang kapatid na lalaki. May mga dala ito, sa kanang kamay

ay isang malaking puting paper bag, at sa kaliwa ay dalawang paper bags na magkaiba ang laki.

“Ron-Ron, hindi ka ba talaga marunong kumatok?” sita niya sa siyam na taong gulang na kapatid.

“Eh, Ate, may hawak ako, pa’no pa ako kakatok?” katuwiran nito.

“Palusot mo! Hindi ka makakatok pero napihit mo ’yong door knob?”

Tumawa lang ito at tumuloy na papasok sa kuwarto niya at inilapag ang mga dala sa kama niya.

“Ano ba ’yang dala mo?”

Nagkibit-balikat ito. “Ewan ko. May pumunta lang dito kaninang lalaki, eh. Ipinapabigay daw ’yan ng *Prince Charming* mo.”

Kinilig siya sa narinig. Mukhang alam niya na kung ano ang mga iyon. Malamang ay damit na maisusuot niya sa party. Kilalang kilala talaga siya ni James, alam nito ang lahat sa kanya, pwera ang nararamdaman niya.

Naupo siya sa kama at inunang silipin ang laman ng pinakamalaking bag. Isang magandang cocktail party dress ang nagpangiti sa kanya. Its bodice was

tube type, the skirt high low. The fabric was a layer of black chiffon and white satin, katerno ng clutch bag na kasamang nakalagay sa loob.

Sunod niyang sinilip ang paper bag na may lamang shoe box. Pagbukas niya sa kahon ay isang pares ng silver ankle heels ang nagpakita sa kanya. Napailing si Rowen nang matantyang four inches ang taas ng takong. Binitiwang niya na muna ang sapatos at tiningnan ang laman ng huling paper bag. Isang manipis ngunit malapad na kahon ang sunod niyang nakuha. Alahas ang laman ng huling kahon. Nangislap ang mga mata niya nang makita ang set ng earrings at necklace.

Muli siyang napailing. Big time na talaga si James.

Tumayo siya at isinukat ang damit at sapatos. Napangiti siya nang makita ang sarili sa harap ng salamin. Bagay sa kanya ang suot, pakiramdam niya tuloy ay siya si *Cinderella*.

Nasira ang moment niya nang muling bumukas ang pinto.

“Ate, may bisita ka,” sabi ni Ron-Ron pagkapasok. Ngayong iniisip niya, hindi niya ito napansing lumabas kanina. Para talaga itong kabute kung minsan.

Napatingin siya sa relo. Mag-a-alas-cinco pa lang. Isang oras pa bago siya daanan ni James. Wala rin siyang inaasahang iba pang panauhin. “Sino?”

Nagkibit-balikat ito. “Di ko kilala, eh. Pero ipinadala din daw sila ng Prince Charming mo.”

“Ano na naman ’yan?” nangingiting tanong niya saka binalingan ang kapatid. “Sige, bababa na ’ko.”

Nagpalit muna siya ng pambahay, iniligpit ang mga isinuot at saka bumaba sa sala. Dalawang tao ang bisita niya, parehong bihis-lalaki, pero may aurang pambabae. Nagpakilala ang mga ito bilang mga professional stylists.

Si Glen ang magmi-makeup sa kanya, at si Louie raw ang bahala sa kanyang buhok. Sa kuwarto siya inayusan ng dalawa.

Professional nga ang mga ito. Wala pang isang oras ay pang-red carpet na ang ayos niya. Na-in love siya sa sarili nang makita ang reflection niya sa salamin.

Glen made her eyes look dashing and smokey under her perfectly shaped brows. Maganda rin ang pagkaka-contour sa mukha niya. Hindi niya alam kung ilang shade ng lipstick ang lumapat sa mga labi niya. Sayang at hindi niya napansin kung

anong foundation ang inilagay sa kanya at sa kauna-unahang pagkakataon ay nag-match ang kulay ng mukha niya at leeg. At take note, hindi siya nito nilagyan ng foundation sa leeg.

Mas mabilis ang naging pag-aayos ni Louie sa kanyang buhok. Wala pa yatang beinte minuto nagtrabaho ang mabilis nitong mga kamay. He curled her hair a little first, pulled and portioned them, made a number of knots and *voila*—a fancy messy bun!

“Oh my God, ako ba talaga ’to?” naitanong niya na lang, hindi pa rin makapaniwala. Maraming nagsasabing maganda siya, pero may igaganda pa pala siya kapag naayusan.

“Nope, you’re already our creation!” sagot ni Louie, nakataas pa ang isang kilay.

“You’ll be the goddess of the night,” sabi ni Glen saka tumingin sa suot nitong writst watch. “Just the right time! Magbihis ka na at mamaya lang, nandito na ang Prince Charming mo.” Bago siya inayusan ay sinabihan siya ng dalawa na robe na lamang ang isuot.

Lalo siyang napangiti. “Thanks.”

“Thanks ka d’yan. Mahal ang bayad sa ’min. Do’n ka sa Prince Charming mo magpasalamat!

You two should enjoy the night.” Kinilabutan siya nang kumindat si Glen, parang may kung anong ipinahihiwatig.

Pag-alis ng mga ito ay nagbihis na si Rowen. Mayamaya lang ay tiyak na darating na si James. Marunong itong mag-drive kaya in-imagine niya na ang sariling katabi nito sa unahan. They would be talking about random things on their way to the hotel, and she’d enjoy the luxury of seeing his smiles.

Sa pangatlong beses ay pumasok nang walang katok-katok si Ron-Ron. Nasa baba na raw ang sundo niya. Napangiti siya.

“Sige, sabihin mo pababa na ’ko.” Tumingin pa siyang minsan sa salamin, nagpabango at saka binitbit ang clutch niyang kakulay ng suot na dress. She was beaming shyly as she made her way down to their living room.

Her escort was standing at the doorway with his back to her. She first noticed his new haircut. His built seemed different. It had only been a few days since she last saw him, Rowen didn’t think it was possible for James to change so much in such a short span of time. She shrugged off the thought, maybe she was just imagining things.

He was sporting a pale pink button-down shirt with its sleeves rolled up to his elbows, revealing his beautifully toned forearms. She couldn't believe she hadn't noticed that before. Nakasabit sa kaliwa nitong braso ang plantsadong tuxedo na katerno ng suot nitong slacks. He was wearing a pair of shiny, black leather shoes.

Lalaking-lalaki ang pabangong nalalanghap niya mula sa kinatatayuan nito. They were now at least three steps away from each other.

Napalunok siyang bigla nang pumihit ito paharap sa kanya. Parang nag-slow motion ang lahat at may tumugtog na love song sa kanilang background.

Today's a fairy tale.

And then she saw his face.

Naglaho ang ngiti niya, napalitan ng pagkadismaya ang kanyang masayang expression. "Zed? Ano'ng ginagawa mo rito?"

Napayuko ito saka kumamot sa batok. "Something came up. Hindi ka masusundo ni Kuya. He asked me kung puwedeng isabay na kita papunta sa party. Hihintayin ka na lang daw niya do'n."

Humaba ang mukha ni Rowen. Parang gumuho

ang buo niyang mundo. Sayang lang lahat ng in-
imagine niya kanina at mananatili lang pala iyon
bilang imagination.

And to top it all, Rowen could not believe that she was thinking of happy ever after when it was actually Zed standing in front of her.

Pinigil niya ang maipilig ang ulo. Naipagkamali lang niya ito kay James. Iyon lang iyon. Pero kabisado niya si James, at itong lalaking ito ay hindi niya gaanong kilala. Kaya paanong nananaginip siya nang gising gayong ito ang kasama niya?

Napabuntong-hininga siya. Pakiramdam ni Rowen ay pinaglaruan siya. Nag-usap yata ang magkapatid para lituhin siya. Oo, may dahilan para ma-confuse siya sa dalawang binata. Iyong stance kasi ni Zed nang bumaba siya, ganoong-ganoon ang ayos ni James noong naging date niya ito sa senior prom. Nanalo pa nga itong Prom King, pero dahil hindi siya ang Prom Queen, paulit-ulit niya na lang na pinaslang ang batchmate niyang nanalo at nakasayaw nito hanggang matapos ang party.

“Bakit ganyan ang suot mo?” tanong niya. Hindi siya maniniwalang coincidence lang ang lahat.

“Ito ba?” Tiningnan nito sandali ang sarili.

“Nagpatulong kasi ako kanina kay Kuya. Siya ang nagsabing ganito ang isuot ko. Ayos ba?” Nagtaas-baba ang kilay nito habang nakangiti sa kanya.

Lalo niyang gustong mainis. *Nagpatulong lang pumili ng damit, pati amoy ninyo pareho na?*

“I think you’re ready, let’s go?” He offered her his arm.

Tumaas ang kilay niya. Hindi ba ito marunong makiramdam? Sira na ang gabi niya, ayaw niya nang pumunta sa party!

“Disappointed ka ba?” tanong nito nang mabasa ang iniisip niya. “Ganito... isipin mo na lang na driver mo ’ko. At pagdating natin sa venue, nando’n naghihintay ang date mo. Okay ba ’yon?”

Hinde! Pero hindi na siya sumagot. Nakahalukip lang si Rowen habang ginagatungan pa ang pagtatampo sa kababata.

“Napakaganda mo ngayong gabi,” sabi ni Zed, dahilan para bumalik ang tingin niya rito. “Sayang naman kung hindi ka pupunta.”

There was nothing but admiration in his eyes. Nag-init ang mukha niya sa titig nito kaya bigla siyang napayuko.

Go to the party... for me. Sa ilang saglit na katitigan niya si Zed ay parang iyon ang nabasa niya sa mga nito.

“But if you really don’t want to go—”

“Pupunta ’ko,” putol niya.

“You will?” Tila walang pagsidlan ang tuwa nito nang sandaling sulyapan niya. “Okay, wala nang bawian ’yan, ha!”

Bago pa siya muling makasagot ay hinawakan na nito ang kamay niya. Hindi siya nito binitiwang hanggang sa makasakay siya sa passenger seat. Nakaramdam siya ng pagkailang nang makatabi niya na ito.

Unable to handle the sudden shifts in her emotions, parang gusto niyang bumaba at tumakbo na lang pabalik sa bahay. Pero huli na para gawin niya ang iniisip. Agad pinaharurot ni Zed ang sasakyan nang handa na ang makina.

Tahimik ang kanilang naging biyahe. Sinusubukan siya nitong kausapin ngunit matipid ang kanyang bawat sagot. She knew he was trying to make her feel comfortable, but for some reason, his company made her feel awkward. Hindi naman siya mahiyain, pero parang nahihiya siya sa tuwing nginingitian nito.

Gutom lang siguro ako, katuwiran niya sa sarili. Kaninang tanghali pa kasi ang huli niyang kain. Hindi na siya nakapagmerienda bago o pagkatapos siyang ayusan. Tama. Baka nga gutom lang siya.

Agad na gumala sa malaking ballroom ang mga mata ni Rowen. Alam ni Cedrick na hinahanap na nito ang kababata. Dismayadong napahinga na lamang siya.

Suot ang itim niyang tuxedo, naramdaman niyang hinatak ng katabi ang manggas niyon para kunin ang atensyon niya. “Nasa’n na si James?” tanong nito, palinga-linga sa paligid.

Maaga pa pero marami na sa mga bisita ang naroon. Kahit siya ay nahihirapang hagilapin ng tingin ang kapatid. Ni hindi niya maalala kung ano ang suot nito. At kahit pa maalala niya, malabong makita niya rin ito agad. Majority of the gents there were wearing dark shades of suits. He was in the middle of scanning the room when he felt her stop. Nahinto rin siya sa paglakad. Nang lingunin niya si Rowen ay nakapako na ang mga mata nito sa kung saan. Sinundan niya ang tingin nito. Naunahan siya nitong makita ang kanilang target.

Nakatayo si James sa gitna ng ballroom habang kausap ang isang babaeng nakasuot ng pulang off shoulder cocktail dress. Nakalugay ang kulot na buhok ng babae, nakaarko ang sulok ng mapupulang labi habang pinakikinggan ang sinasabi ng kanyang kapatid. Sabay na kumuha ng wine ang mga ito mula sa round tray ng dumaang waiter. Nagsalita muna ang babae saka nag-toast ang dalawa at sabay na sumimsim ng alak.

“Sino siya?” tanong ni Rowen.

Hindi niya kailangang tingnan ang mukha ng dalaga. Sapat na ang malungkot nitong tinig upang maintindihang nasasaktan ito sa nakikita.

“Ah, si Elizabeth,” tukoy niya sa babae. “She’s a family friend—”

“Uwi na ’ko,” sabi nito, at pumihit na nga saka nagmamadaling lumabas ng ballroom.

Sandaling ibinalik niya ang tingin sa pares. She must have misunderstood what she saw. Anyone would. Kung hindi niya pa alam na social coach ni James si Elizabeth, baka pati siya ay iba na ang inisip sa closeness ng dalawa. Tinalikuran niya na ang mga ito at sinundan si Rowen. Dama niya ang bigat ng bawat hakbang nito pabalik sa sinakyan nilang

elevator. Nakailang tawag siya sa pangalan nito pero ni hindi siya nito nilingon. Binilisan niya ang lakad at nang makalapit ay hinawakan niya ito sa braso saka inikot paharap sa kanya.

“Sinungaling ka,” nakayukong sabi nito, may himig ng pagdaramdam sa boses.

“What are you talking about?” He was taken aback when she raised her head, disappointment written all over her lovely face.

“Sabi mo pagdating dito hihintayin ako ng date ko? Bakit may kasama siyang iba? Ano ba role ko rito, substitute? Dapat ba pumasok lang ako kapag masakit na ang paa ng Elizabeth na 'yon?” Sabay na tumaas ang boses ng dalaga at ang isang kilay nito. Galit ito, walang duda. Pero ang higit na nangingibabaw rito ay ang sakit na dulot ng pag-asa nito sa wala.

“I’m sorry,” nasabi niya. He was sorry because it was all his fault. “Nagsinungaling ako.”

Parang umatras ang luha ni Rowen nang sandaling tumalim ang tingin sa kanya. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

“I’m the one who wanted you here,” pag-amin niya. “Alam kong hindi kita mapapapayag na samahan ako kaya nagpatulong ako kay Kuya. Ako ang date

mo ngayong gabi, hindi siya.”

Sandaling nangunot ang noo nito, tila pinipilit ang utak na iproseso ang bagay na sinabi niya. After finally digesting his confession, a sarcastic smirk escaped her mouth.

“So you’re saying na ikaw at hindi si James ang ‘Prince Charming’ ko, gano’n?” Nang tumango siya ay nagpatuloy ito. “Itong suot ko, ang sapatos ko, ang mga alahas na suot ko, sa ’yo rin galing lahat?”

Tumango siyang muli, hindi malaman ang sasabihin.

“Yung mga stylists, ikaw rin ang nagbayad at nagpadala?” Unti-unting napapalis ang purong galit sa tinig nito at mukha. Hindi niya tiyak kung anong emosyon iyong pumalit doon. All he knew was that she sounded miserably upset. Her tears started welling up around her eyes again.

“Oo. I’m sorry,” nanghihinang sagot ni Zed. He had done a number of stupid things before, but this was the first time he felt embarrassed big time.

“Sorry?” She let out a sarcastic smirk. “Gago!” sigaw nito sa mukha niya bago muling tumalikod.

He was expecting her to slap him, kick him, or

knee his groin, but she didn't. Ngayon ay gusto niya na lang suntukin ang sarili. Pero bago iyon ay gusto niya munang muling hilingin ang kapatawaran ng dalaga. Paulit-ulit niyang tinawag ang pangalan nito kasunod ang mga salitang "I'm sorry," pero hindi siya nito pinapansin.

Nakarating ito sa tapat ng saradong elevator. Pinindot nito ang down button. Limang floors pa ang dadaanan niyon bago makarating sa palapag kung nasaan sila.

"Rowen please," sabi niya nang ilang hakbang na lang siya mula rito. Hindi pa rin siya nito pinansin. Naikuyom niya ang mga kamao. Naiinis na rin si Zed. Hindi niya intensyong galitin ito. Hindi iyon kasama sa plano niya. Ang gusto niya lang ay mapalapit dito dahil—

"Rowen, gusto kita!" Hindi niya na napigilan ang sariling ibulalas iyon.

Sa wakas ay nagawa nitong pumihit at harapin siya. Marahas nitong pinunasan ang ilalim ng luhaang mga mata. Her makeup seemed waterproof, her tears didn't wash them out.

"Ano 'yon? Gusto mo ako?" Intimidating ang tono nito, sarcastic pa nga.

“Narinig mo ’ko Rowen. I like you.”

“Oo, narinig ko. Eh, ikaw, naririnig mo ba ang sarili mo? Kakakilala lang natin pero gusto mo na ’ko? Sige nga, anong tungkol sa ’kin ang nagustuhan mo?”

Nablangko siya sa tanong nito. Ano nga ba? Anong nagustuhan niya kay Rowen? Hindi niya puwedeng sabihing nagandahan lang siya rito kung hindi ay lalo nitong mamaliitin ang nararamdaman niya.

“L-Lahat,” naisip niyang isagot. “Gusto ko ang lahat sa ’yo.”

Muli itong tumawa. “Sure ka? Bakit, ano ba’ng alam mo sa ’kin? Alam mo man lang ba ang buo kong pangalan? Alam mo ba ang ugali ko? Alam mo ba kung paano ako magalit, kung gaano ako kalakas kumain at tumawa? Alam mo ba ang paborito kong pagkain, ang paborito kong kanta, sinong artists ang pinakikinggan ko at ayokong pakinggan? Alam mo ba kung gaano kabigat ang kamay ko? Alam mo ba ang amoy ng hininga ko pagkagising? Alam mo ba ang lahat sa ’kin para sabihin mong gusto mo ang lahat sa ’kin? Kung sinasapak kaya kita ngayon nang natatauhan ka? Kung gusto mo lang ng pampalipas-oras, huwag ako, Zed.”

Saktong pagkasabi niyon ay bumukas ang mga pinto ng elevator na nasa likuran nila. Hindi na siya umimik nang tumalikod itong muli at humakbang pasakay roon. Naiwan siyang mag-isang nakatayo sa harap ng papasarang mga pinto. Nasapo niya na lamang ang noo.

His plan was an epic fail. Hindi na siya bumalik pa sa party. Hindi rin naman siya kailangan doon. He had already greeted his father a happy birthday at breakfast this morning. At nandoon ang kuya niya para samahan ito.

He felt worn out inside out when he reached their quiet home. The silence deafened him. Nakakabingi ang katahimikan nitong mga nakaraang araw. Kung kailan nadagdagan sila ng miyembro ng pamilya, saka pa lalong tumahimik.

Pagpasok sa sala ay nakita niya agad ang ina. Palakad-lakad ito habang may sigarilyong nakaipit sa pagitan ng unang dalawang daliri. Nalungkot siya nang mamasdan ito. Naninigarilyo lang ito kapag tense. He had never seen her so anxious. Nilapitan niya ito at binati ng halik sa pisngi.

“Didn’t enjoy yourself at the party? Maaga ka yatang umuwi?”

“Kung curious kayo, sana pumunta kayo. Dad needs you there,” he replied.

“He has his son with him,” tukoy nito kay James. “Your dad doesn’t need me. He never did.” Ang bagong kapatid ang idinadahilan nito sa hindi pagdalo sa selebrasyon ng asawa.

Tonight, his father would tell the world about his other son. The guests would only be too polite to ask why James’ introduction was so late. Or they didn’t have to ask because they already knew.

“I still can’t believe it,” she admitted, taking the filtered end of the cigarette back between her lips.

“I know it’s hard for you, Mom. But try to understand Dad. Nagalit din ako nang una kong marinig ang tungkol kay Kuya. Pero mahal ko si Dad kaya tatanggapin ko kahit may kapatid ako sa ibang babae. You can do the same thing, right? Because you truly love Dad?”

“Cedrick!” Matalim ang tingin ni Amanda nang ibalik ang mga mata sa kanya. “Hindi ang nararamdaman ko ang issue rito. At ikaw, do you even realize na kinakaibigan mo ang taong makakaagaw mo sa lahat ng bagay na dapat sa ’yo lang?”

Napabuntong-hininga siya. “What can I do? He

The Biggest Twist - Amber Francisco

deserves it. Anak din siya ni Dad. Magkapatid kami. We're supposed to share, aren't we?" Humakbang na siya mula sa kinatatayuan. Pagod na siya at kanina pa niya gustong magpahinga. And it wasn't like their conversation's going anywhere.

"Then let me tell you a secret," sabi nito. "Hindi mo siya kapatid."

Lumipad ang tingin niya sa ina. "What do you mean? Wait, are you telling me na hindi mo ako anak kay Daddy?"

Amanda took a deep breath, making him feel like the worse is yet to unfold. "No," she confessed without giving him any eye contact. "You aren't even my child to begin with."

3

“Ate, papasok na ’ko. Baon ko?”

Napilitan si Rowen na buksan ang mga mata. Kinamot niya ang kaliwang parte ng leeg nang makabangon.

“Anong oras na ba?” Hinanapan niya ng sagot ang sariling tanong sa pamamagitan ng pagtingin sa cellphone niyang nakapatong sa bedside table. Sa halip na oras ay ang mga nakarehistrong missed calls mula kay Zed ang pumukaw sa atensyon niya.

She clicked her tongue, put her phone down and grabbed the black clutch bag from last night to get her wallet.

Dumukot siya ng pera para ibigay kay Ron-Ron. “Nag-almusal ka na? Ano’ng kinain mo?”

“Oatmeal. Saka *Milo*.” Nagmamadali itong lumabas ng silid matapos maibulsa ang pera. Hindi na nito naalalang magpasalamat.

Gusto niya pa sanang bumalik sa pagtulog pero excited siyang nilayasan ng antok. Bumangon na lamang siya at lumapit sa bintana para hawiin ang

makulay niyang kurtina at papasukin ang araw pagkatapos patayin ang ilaw. Pipihit na sana siya at lalayo sa bintana nang may masilip na sasakyang pumarada sa harap ng kanilang bahay.

The moment she recognized the black *Audi*, the shameful memories of last night went flooding her brain. And it irked her.

“At ano’ng ginagawa ng mokong na ’yan dito?” anas niya saka naglakad palabas ng kuwarto. Hindi na siya nag-abalang magsuklay, maghilamos o magmumog. Gusto niya na agad itong palayasin. Parang lalo pang nag-init ang ulo niya paglabas ng bahay at makita nang malapitan ang sasakyan nito. Parang wala pa itong balak bumaba dahil buhay pa ang makina ng sasakyan.

Sunod-sunod ang katok na ginawa niya sa bintana nito. “Ano’ng ginagawa mo rito?” nakapamaywang na umpisa niya hindi pa man ito tuluyang nakakababa.

May napansin siya nang sa wakas ay maayos na itong nakatayo sa harap niya.

He was still wearing the same pink button-down shirt from last night. The same slacks, the same pair of shoes. But he didn’t look the same. Guwapo pa rin, pero... mukhang malungkot ito at desperado.

Bahagya pa ngang namumugto ang mga mata nito. *Don't tell me iniyakan niya 'yong mga sinabi ko kagabi?*

“Alam kong galit ka, pero...” sabi nito, nakayuko at halos hindi makatingin sa kanya. “Puwede bang makituloy muna ako sa inyo?”

Nanlaki ang mga mata niya. “Baliw ka! Lubayan mo nga ako!” Tinalikuran niya na ito, pero nahawakan nito ang bisig niya.

“Sandali lang. Hindi mo naiintindihan,” sabi nito bago siya pilit inikot para paharaping muli rito. “Kailangan ko ng matutuluyan. Umalis na ako sa 'min.”

Napangiwi siya. “Sobrang ganda ko ba talaga? Ganyan ka na ba kadesperado? Gagawa ka na naman ng kuwento para lang mapalapit sa 'kin?” Hindi niya malaman kung kikiligin siya o maaasar sa persistence nito.

“Totoo ang sinasabi ko. May nangyari lang talaga sa bahay kagabi kaya napilitan akong umalis,” malumanay na paliwanag ni Zed. “Please. Wala pa akong tulog. I kept driving the whole night.”

Napailing siya. “Sige nga. Ano'ng nangyari sa inyo kagabi para mag-drive ka buong magdamag at lumipad ka papunta rito? At kung talagang naglayas

ka, bakit dito ka pumunta? Wala ka bang kaibigan?”

“Meron. Pero ayoko nang umuwi sa ’min. Kilala ng parents ko lahat ng kaibigan ko. Madali nila akong mahahanap kung sakali. But I doubt if anyone would think na dito ako pupunta. Kaya please, kahit ilang araw lang, hayaan mo ’kong tumira rito.”

She heaved a sigh. May sense at kapani-paniwala ang paliwanag nito. Pati ang expression nito ay talagang nakakaawa. Kaunti na lang at matutunaw na ng awang iyon ang kakatiting nang galit niya. “P-pero hindi mo pa sinasabi sa ’kin ang dahilan kaya ka lumayas.”

“Ano...” Lalo itong napayuko. “It’s too personal.”

She felt relieved. “Unless mabigyan mo ’ko ng valid reason para umalis ka sa inyo nang walang paalam, hinding-hindi ka makakatuntong sa bahay ko.”

“Pero—”

“I’m giving you five seconds.” Para na rin siyang hindi nagbigay ng palugit. She started counting, “One. Two. Three.”

Lihim siyang napapangiti sa katahimikan nito. She saw him ball his fists. Mukhang wala na itong

baong palusot.

“Four.”

Humigpit lang ang pagkakakuyom ng mga kamay nito.

“Fi—”

“Ampon lang ako,” sa wakas ay sabi nito.

Si Rowen naman ang natigilan. Mahina lang ang sagot nito ngunit malinaw niya iyong narinig. Sobrang linaw na pati sinseridad nito ay na-pickup ng tainga niya at napadaloy sa kanyang kaibuturan.

She could almost feel the pain brought by those three words.

Humugot ito ng malalim na hininga. Nagumpisang manginig ang sarado nitong mga kamay.

“Mom told me last night. Nasa ibang bansa si Daddy nang manganak siya sa unang baby nila. But the baby had a heart condition and he died after a few days. She was able to conceal the truth by finding another baby to pose as her own son,” kuwento nito, nangingilid na ang luha.

“At ikaw ang...” nakabiting hula niya. Ang totoo ay hirap na rin siyang magsalita nang mga oras na

iyon. She was only giving him time to breathe and relax a little.

He seemed so distressed just recalling the recent memory. The pain she felt because of his little white lies last night must be nothing compared to the emptiness inside him now. All his life, he believed something that was not real.

Marahan itong tumango. Before she knew it, he was already sobbing uncontrollably.

“Ngayong alam ko na ang totoo, wala nang dahilan pa para umuwi ako. Isa pa, kasama na ngayon ni Daddy ang totoo niyang anak. He wouldn’t need a fake son anymore,” mapait nitong sabi.

Kamay naman ni Rowen ang kumuyom. He must be feeling suffocated. Could she simply turn her back on him and push him away?

Mukha ngang wala na itong ibang mapupuntahan pa.

Isang tasang kape ang inihain sa kanya ni Rowen matapos siyang patuluyin nito sa loob ng bahay. Bahagyang napangiti si Cedrick. Kung may magandang naidulot ang pagkakatuklas niya sa

lihim ng kanyang pagkatao, ito lang siguro iyon. Totoong hindi siya pumunta roon para ilapit ang sarili sa dalaga. Si Rowen lang talaga ang naisip niyang mahihingan niya ng tulong.

“Huwag ka munang magdiwang at hindi pa ’ko pumapayag na dito ka tumira,” sabi nito nang mahuli ang ngiti niya. Magkakrus ang mga braso nito habang nakatayo malapit sa mesa. “Hindi lang ako ang nakatira dito. Kakausapin ko muna ang parents ko. Kapag hindi sila pumayag, kailangan mong umalis.”

Marahan siyang tumango. “Naiintindihan ko. Nasa’n nga pala ang parents mo ngayon? Ayos lang ba kung ako ang kumausap sa kanila?”

“Ikaw ang bahala. Pero nasa bakasyon pa sila at bukas pa uuwi. Sa ngayon malaya ka pang makakatulog dito. Pero wala kaming extra room.”

We can share a bed, he nearly suggested, but was able to stop himself in time.

Isang pagkakamali niya lang at siguradong lalabas siyang may bakas ng kamay nito sa kanyang pisngi.

“Puwede akong matulog sa sala n’yo,” aniya. “Sa sofa. Puwede akong bumili ng unan at kumot.”

She sighed. “Puwede naman kitang pahiramin muna kung di ka maselan.” Tinitigan siya nito. “Nga pala...” Sinadya nitong ibitin ang sasabihin, tila naghahanap pa ng tamang tiyempo. “Si James. Alam niya na ba?”

Napayuko siya sa hanggang ngayon ay hindi niya pa nagagalaw na kape. “Hindi ko alam kung umamin na rin si Mommy kay Daddy. Kung hindi pa, then wala pa sigurong may alam.”

“Then James must be worried.”

Kumirot ang isang bahagi ng kanyang puso sa narinig. May problema rin siya, mas inaalala ni Rowen si James. Hindi sigurado si Cedrick, pero sa tingin niya ay selos ang nadama niya nang mga oras na iyon.

“Sandali lang at tatawagan ko siya.” Nagmamadali nga itong kumilos palabas ng kusina.

“Hindi, huwag!” sigaw niya. Nang hindi makuntento sa verbal na pagpigil sa dalaga ay dali-dali siyang tumayo. Hinabol niya ito at hinatak sa braso. Pero sa huli ay siya ang natigilan. Ikinabigla niya ang kuryenteng nadama, pero hindi niya ito pinakawalan.

Pero pumiglas si Rowen sa hawak niya. Gusto

niya na lang isiping nadama rin nito ang kuryente at nasaktan o nagulat ito kaya nagmamadaling binawi ang sarili palayo sa hawak niya.

“S-sige.” Naroon ang panginginig sa boses nito. “Hindi ko na tatawagan si James kung talagang ayaw mong umuwi. Pero pag siya ang tumawag at nagtanong, hindi ko maipapangakong mananahimik pa rin ako.”

Bahagya siyang ngumiti. “Ayos lang.”

“Ano... may trabaho pa ’ko. Kailangan ko nang mag-ayos. Ikaw na muna ang bahala rito sa bahay habang wala ako.”

Weird. One minute she was acting all high and mighty, the next she was awkward?

The thought that she experienced the spark he felt only made his day.

“Heto, hijo, kumain ka pa!” Nakangiti pa ang Mama ni Rowen nang salinan nito ng mainit na kanin ang plato ni Cedrick.

“Puro naman kanin ang ibinibigay mo mahal. Bigyan mo rin ng liempo,” sabi ng ama niya saka iniabot dito ang isang platito. “O, atsara. Pampasarap

ng kain.”

“Salamat po!” Ngiting-ngiti si Zed, at home na ito habang kasalo sa hapag ang kanyang mga magulang.

Kanina pa siya nagtataka. Nagulat ang mga magulang niya nang madatnan si Zed na nakasalampak sa sofa at nanonood ng TV sa sala. Pero sandaling usapan lang ang namagitan dito at sa papa niya at okay na. Pumayag itong tumira si Zed sa kanila. Hindi rin kumontra ang nanay niya.

Hindi pa nakuntento, todo-asikaso pa ang mga ito kay Zed! Nakapagprito na siya ng galunggong, luto na rin ang ginisa niyang munggo, pero nagpabili pa ang tatay niya ng liempo at iyon daw ang uulamin nila. May *Coke* pa!

“Kuya, dapat yata lagi kang nandito para laging ganito ulam namin. Nakita ka lang ni Papa nagpabili na ng lechon!” inosenteng sabi ni Ron-Ron habang sinasabawan ng *Mang Tomas* ang ulam.

Ngumiti ang loko. “Gusto mo ba dito na lang ako tumira?”

Tahimik lang si Rowen ngunit hindi niya mapigil ang pagtaas ng kilay. Hindi man lang ito nahiya! Dapat talaga ay hindi niya ito hinayaang gawing hideout ang bahay nila. Malay niya ba kasing papayag

ang mga magulang niyang doon ito tumira?

Tahimik na inayos niya ang ginamit na kutsara at tinidor sa ibabaw ng plato. Bitbit niya iyon nang tumayo siya. Wala na siyang gana kaya ilalagay niya na sa lababo ang pinagkainan niya.

“O, tapos ka nang kumain?”

Muling umere ang isa niyang kilay. Akala niya kanina ay invisible na siya. Puro kasi si Zed ang pinapansin ng mga kasama niya sa hapag.

“Opo,” matipid niyang sagot sa ama bago umalis ng kusina.

May nakapasak nang earphones sa mga tainga niya nang makarating siya sa sala. Rowen needed her alone time right now kaya makikinig na lang siya sa mga kanta ng *Maroon 5* na naka-save sa cellphone niya.

Pagdating sa salas ay naupo siya sa tumba-tumbang nakapuwesto malapit sa bintana. Mula roon ay kita niya ang katapat na bahay, kina James. Sarado ang pinto at bintana ng bahay, nakapatay rin ang mga ilaw. Paglipat ni James ay nagbakasyon muna ang ina nito sa probinsya.

Buti pa si Tita, mae-enjoy ang tahimik na buhay.

Samantalang ako...

“Sabi ni James malakas ka daw kumain. Ba’t parang hindi naman?”

Nasira ang kanyang pagmumuni-muni nang marinig ang boses ni Zed. She never listened to music in full volume with earphones on. Takot kasi siyang mabingi, pero parang bigla siyang nagsising may ganoon siyang habit. Nakarating pa tuloy sa pandinig niya ang boses na pinakaayaw niyang marinig.

Nakahalukip na isinandal ni Cedrick ang isang balik sa kabilang side ng bintana, tila idini-display ang sarili sa harap niya.

“Paano akong makakakain nang marami, eh, nakakawala ng gana ’yang pagmumukha mo,” pagtataray niya.

“Ba’t ang sungit mo sa ’kin?” Nawala ang malapad nitong ngiti nang ngumusong parang bata. He looked so cute with that pout, she had to bite the inside of her cheek to keep herself from smiling.

The heck! Did she just admit he was cute?

Ipinasya niyang ibalik ang tingin sa labas ng bintana. Buo niyang nakikita ang dalawang palapag na bahay sa tapat nila. Palibhasa ay walang sasakyang

nakaparada sa harap. Ngayong iniisip niya, parang kahapon niya pa nga hindi napapansin ang itim na auto ni Zed.

“Iyong kotse mo, nasaan?” naitanong niya.

“Iyon ba? Ibinenta ko na. Madali akong mahahanap dahil sa kotse. Nagpalit na nga rin ako ng SIM, eh. Gusto mong makuha ang number ko?” Nagtaas-baba pa ang kilay nito, talagang nagpapacute sa kanya.

“No thanks!” Inirapan niya ito. “Pero ang bilis mo yatang nabenta ’yong sasakyan mo?”

“Ah, oo. Gustung-gusto kasi ’yon ng isa kong kaibigan. Sa kanya ko ibinenta. Kailangan ko nga lang babaan masyado ang presyo para mabili agad. Anyway, dalawang taon na rin naman sa ’kin ’yon kaya hindi na rin bago.”

“May pera ka naman pala. Ba’t hindi ka na lang umupa ng bahay at doon ka tumira?” Hindi sa may pake siya rito, bored lang siya kaya siya nakikipag-usap.

“Ayoko nga! Hindi ako marunong maglinis. Hindi rin ako marunong magluto. At dagdag na gastos kapag bumili ako ng mga gamit.”

“Eh, di mag-hotel ka. Mayaman ka nga, di ba?”
dagdag niya pa.

“Madali akong mahahanap pag ginamit ko ’yong cards ko.”

“Eh, di gumamit ka ng cash.”

“Palagi akong magwi-withdraw? Eh, di may transaction pa rin sa bangko! Teka nga, bakit ba feeling ko pinapalayas mo ’ko? Kung kailan naman pumayag na ’yong parents mo na dito na ako tumira.”

“So sa’n mo gagamitin ’yong pera? Don’t tell me sinuhulan mo ang papa ko para lang patirahin ka niya rito?”

Natawa ito. “Tingin mo ba makukuha sa suhol ang papa mo?”

Hindi siya sumagot. Hindi rin nga siya naniniwalang papayag ang mga magulang niya dahil lang sa pera. Pero hindi rin kilala ng mga ito si Zed para basta na lang pumayag. Nakakapagduda talaga.

“Totoong gusto kita. Pero hindi sa puntong gagamit ako ng pera para lang maisiksik ang sarili ko sa ’yo.”

Was it because she’s not worth it? Napasimangot siya.

The Biggest Twist - Amber Francisco

Tiyak niyang malaki rin ginastos nito nang bihisan siya nito para sa party noong isang gabi. Isa pa ay normal lang na sa mga lalaki ang gumastos pag nanliligaw at nagpapa-impress sa babae. Sabi niya na nga ba't infatuated lang ito sa ganda niya.

“Not that you're not worth it,” he said. Tila nabasa nito ang iniisip niya. Tuluyan nitong isinandal ang likod sa pader. Derecho ang tingin nito, tila nakatulala sa kawalan, pero nakapinta sa mukha ang isang makisig na ngiti.

He moved away from the wall and turned to face her again. Parang slow motion. Hindi, parang sa isang romantic movie kung saan haharap ang hero para magbato ng napakakorning linyang kakikiligan naman ng leading lady. Nakadagdag pa sa effects ang background music na siya lang ang nakakarinig. Ang kantang *Never Gonna Leave This Bed*.

His next words made her heart flutter. “Because you're priceless.”